

CHAPTER STUDY GUIDES

Pastor Ronald Molmisa



Para sa mga Facilitators

Ang mga study guides na ito ay nilikha para sa mas malalim na pag-aaral ng mga chapters ng librong *Lovestruck (Love Mo Siya? Sure Ka Ba?)*. Ang bawat lesson ay maaaring ituro sa loob ng isang oras. Hindi nangangailangan ng mahabang preparasyon ang isang Facilitator para magpadaloy ng meeting dahil kasama sa bawat lesson ang dapat niyang gawin.

Ito ang mga batayang prinsipyo sa pagtuturo ng chapter study guides:


1. *Learner-Oriented* - Kailangang magsimula ang tagapagturo sa karanasan at kaalaman ng mga kalahok sa pag-aaral.
2. *Participatory* - kailangang "kalahok" at "nakikiisa" ang mga miyembro ng grupo. Ipadama sa kanilang bahagi at mahalaga sila sa diskusyon.
3. *Experiential/Active Learning* - Mas madaling matutunan ang isang paksa kung ito ay aktibong nararanasan sa pamamagitan ng iba't ibang activities.
4. *"Kwentuhan" or Sharing* - I-encourage ang mga miyembro na magbahagi ng kanilang nararamdaman at opinyon. Sa konteksto ng malayang pag-uusap tumataas ang antas ng pagkatuto at pag-unawa sa mga paksa.

Ang pag-aaral ay may tatlong bahagi. Bawat section ay may kaukulang "instructions" para sa Facilitator.

1. **USAP** – *To know what the participants know about the topic (15 minutes)*. Ito ang magsisilbing "hook" section na siyang maghahanda sa mga miyembro upang pag-usapan ang paksa.
2. **HANAP** – *To discuss what the Bible says about the topic (35 -45 minutes)*. Ito ang pagdiskubre sa sinasabi ng Bibliya ukol sa paksa. Gagawin ito sa pamamagitan ng mga workshops, discussions at activities.
3. **TANGGAP** – *Life Application of the Lesson (10 minutes)*. Sa pagtatapos ng diskusyon, may hamon na ibibigay sa bawat miyembro. Ito ay kailangan nilang "tanggapin" at isabuhay.

Ilang suhestiyon upang maging mas epektibo ang Bible study sessions:

1. Simulan at tapusin ang pagpupulong sa panalangin. Laging umasa sa Banal na Espiritu upang mas lalong maunawaan ng bawat isa ang kalooban ng Diyos sa mga chapter lessons.
2. Siguraduhing may kopya ang mga dadalo sa pagtitipon ng Lovestruck book at Bibliya.
3. Maging ehemplo ng "excitement" at "passion" sa pag-aaral ng Salita ng Diyos. Ihanda ang katawan (i.e. tamang oras ng tulog), puso (i.e. pagpapalinis ng puso sa Panginoon) at isipan (i.e. seryosong pag-aaral ng paksa) para sa pagtuturo.
4. Laging "pukawin" ang interes ng mga miyembro na makilahok sa diskusyon. Bigyan ng pagkakataon ang lahat upang magsalita lalo na ang mga "mahiyang" miyembro sa grupo.
5. Huwag matakot sa katahimikan. Minsan, kailangan ng mga miyembro na pag-isipan at iproseso ang kanilang sagot sa mga tanong.
6. Kung may tanong ang miyembro na hindi mo masasagot bilang Facilitator, huwag mahiyang sabihin na kailangan mo pang pag-aralan ang paksa. Maari namang ipahayag ang sagot sa mga susunod na Bible study sessions.
7. Maaring dagdagan ang mga paliwanag sa "Hanap" section kung nais pang palawigin ang diskusyon.



Group Discussion: Kailan mo masasabing "tunay" ang pag-ibig na iyong nararamdaman?

Para sa Facilitator: Lagumin (summarize) ang mga sagot sa tanong at alamin kung sila ay kabilang sa 7 Signs of Pekeng Love (pahina 10-15).

Maaaring paghambingin ang sagot ng mga mas bata at mas nakatatandang miyembro ng grupo (i.e. tingnan kung talagang mas mature o mas malalim mag-isip ang mas nakatatanda). O kaya, ng babae at lalake. Mapapadali ito kung igu-grupo sila ayon sa nais ninyong uri ng pagkukumpara.

Lesson 1 - IN-LOVE KA BA TALAGA?



BIG IDEA: Ang tunay na pag-ibig ay hindi nakabase sa emosyon, kundi sa pagdedesisyon na mahalín ang isang tao.

Learning Activity. Gumawa ng *drama skit* na nagpapakita ng isa sa pitong (7) senyales ng Pekeng Love (pahina 10-15). Bigyan ang bawat grupo (2-3 na miyembro) ng 10 minuto upang magplano ng 3-minuto na presentasyon.

Para sa Facilitator: Matapos ang mga presentasyon, itanong sa mga miyembro: Sa mga ipinakitang senyales ng pekeng love, saan kayo labis na "nakaka-relate"? Bakit?

Basahin at pag-aralan ang Jeremias 17:9, Kawikaan 4:23 at Roma 12:1,2. Ipaliwanang ang sumusunod:

1. Mapanlilang ang ating puso. Maaring masarap sa pakiramdam ang isang bagay ngunit mali sa mata ng Panginoon at maaring magdulot ng sakit ng kalooban.
2. Ingatan natin ang ating puso. Bantayan ang ating emosyon na maaaring magdala sa atin sa kung saan.
3. Baguhin natin ang ating pag-iisip ukol sa pakikipagrelasyon upang lubos na maunawaan ang kalooban ng Diyos—ganap at kasiya-siya.




Kung mapanlilang at mapandaya ang puso, ano ang dapat nating gawin? Isulat ang inyong sagot sa papel. Pagkatapos, ibahagi sila sa grupo.

Para sa Facilitator: Tapusin ang meeting sa isang panalangin. Hayaan ang mga miyembro na manalangin para sa kanilang sarili sa pamamagitan ng paglalahad ng kanilang "commitment" na alagaan ang kanilang puso, sa harap ng Panginoon.



Lesson 2 - ANG TUNAY NA TL



USAP

Group Discussion: Kung bibigyan ka ng pagkakataon na humiling ng isang bagay sa Diyos, ano iyon?

Para sa Facilitator: Kung ano ang laman ng puso ng mga miyembro ay masasalamang sa kanilang sagot. Halimbawa, kung hiniling ng isang kabataan ang isang maayos na pamilya, malamang may pinagdaraanang siyang matinding krisis sa kanilang tahanan.

Ipalawanag sa grupo na ang lahat ng magagandang bagay ay nagmumula sa Diyos (Santiago 1:17). Mahal na mahal Niya ang tao (Roma 8:35)



HANAP

BIG IDEA: Sa Panginoon lamang matatagpuan ang tunay at dalisay na pagmamahal.

Learning Activity 1: Manood ng isang gospel film na nagpapakita ng dakilang pagmamahal ng Diyos. Pumili ng mga maikling pelikula (hindi lalampas sa 45 minuto).

Para sa Facilitator: Matapos manood, tanungin ang mga miyembro kung ano ang "mensahe" o parte ng pelikula na labis na nagpa-antig ng kanilang puso. Maari ding itanong: Sa anong mga tagpo o yugto ng iyong buhay naramdaman mo na mahal na mahal ka ng Diyos?

Learning Activity 2: Sabay-sabay basahin ang Mateo 11:28-30, 1 Juan 1:9, Juan 3:16, 1 Juan 4:7-8. Ipalawanag ang sumusunod:

1. Tinatawag tayo ng Panginoon na lumapit sa Kaniya. Huwag tayong mahihiyang lapitan Siya.
2. Kailangang ihingi natin ng tawad at talikdan ang buhay na makasanaan.
3. Tanggapin natin si Hesus bilang Diyos at Hari ng ating buhay. Siya ang tunay na pag-ibig.




TANGGAP

Para sa Facilitators Isaulo at isapuso ang tatlong "A" kung paano magkakaroon ng tunay at personal na relasyon sa Diyos (pahina 24-25). Ipa-recite sa mga miyembro ito sa susunod na meeting.

Kung ang isang miyembro ay wala pang personal na relasyon sa Diyos, gabayan siya sa isang taos-pusong panalangin ng pagtanggap kay Hesus. Maaaring gamitin ang sample prayer na nasa pahina 25 ng libro.

Para sa mga mayroon nang tunay na relasyon sa Panginoon, magkaroon ng "renewal of commitment" prayer.

Lesson 3 - OK LANG BANG MAKIPAG-DATE?



Group Discussion: Ano ang love story/movie na sadyang nagpakilig sa iyo? Bakit?

Para sa Facilitator: I-analisa kung ano ang "common" attributes ng mga sagot ng mga miyembro. Alamin kung ano ang mga elemento na sadyang "nagpakilig" sa kanila. Sabihin sa grupo na ang pakikipagrelasyon ay hindi lamang dapat nakatuon sa romance at "kilig".



BIG IDEA: Ang pakikipagrelasyon ay dapat na may intensiyon na dalhin papunta sa kasalan. Ito ay dapat nakatuntong sa "katapatan" o commitment.

Learning Activity 1 (Discussion): Ano ang kalimitang dahilan, ayon sa pahina 28-30 ng libro, kung bakit nakikipagrelasyon ang mga kabataan? Ano ang masasabi mo ukol dito?

Learning Activity 2 (Discussion): Basahin ang naging relasyon ni Samson kay Delilah sa Judges 16. Ano ang pagkakapareho ng istorya nila sa usapin ng pakikipag-date ng mga kabataan?

Para sa Facilitator: Ipaliwanag na katulad ni Samson, nakikipaglaro sa tukso ang maraming kabataan kaya napapahamak. Nakipag-fling si Samson kay Delilah hanggang sa malaman ng babae ang kaniyang kahinaan. Nabihag siya ng mga Filisteo dahil iniwan siya ng presensiya ng Diyos (Judges 16:20). Maraming "Delilah" sa buhay ng mga kabataan. Sila ang mga tuksong nambubuyo sa marami na pumasok sa relasyon sa maling panahon at maling kadahilanan. Huwag papadaya at palilinlang.

Learning Activity 3 (Discussion): Balikan ang chart sa pahina 31 ng libro. Ano ang pagkakaiba ng "recreational dating" sa Biblical "relationship dating"?



Ano ang mga paraan upang maging banal at malinis ang ating relasyon sa opposite sex? Ibahagi ang sagot sa grupo.

Para sa Facilitator: Sabay-sabay basahin ang 1Timoteo 5:2 at 1 Corinto 13:4-7 upang malaman kung paano natin pakikitunguhan ang opposite sex at ang katangian ng tunay na pag-ibig.

Magpanalangin sa bawat isa. Hilingin sa Panginoon na magkaroon ng karunungan at lakas ng kalooban na pagtagumpayan ang anumang tukso na pumasok sa relasyon sa maling panahon at dahilan.



Group Discussion: Ano ang isang bagay na hindi mo makakalimutan na ginawa ng magulang (o guardian) mo para sa iyo? Bakit?

Para sa Facilitator: Ang pagsagot ng mga kabataan sa tanong ay sasalamín sa kanilang relasyon sa kanilang mga magulang.



BIG IDEA: Hangga't menor de edad ka, may karapatang makialam ang iyong magulang sa iyong love life.

Learning Activity (Discussion): Basahin ang Lucas 15:11-24 ukol sa alibughang anak. Sagutin ang mga sumunod na tanong:

1. May mga pagkakataon ba na naging tulad ka ng alibughang anak? Bakit?
2. Ano ang masasabi mo sa ugali ng ama?

Learning Activity (Discussion): Muling ipabasa ang kuwento ni Miss Confused (pahina 39-40). Ihambing ang naging karanasan ng alibughang anak at ni Miss Confused. Isulat ang sagot sa papel at ibahagi sa grupo.

Para sa Facilitator: Ipaliwanag na kapag umalis sa proteksyon ng magulang ang isang anak, siguradong may trahedyang nakabuntot. Ang salitang alibugha (prodigal sa Ingles) ay nangangahulugang "magastos" o "bulagsak". Kung paano naging gastador ng pera ang anak, ganundin ka-generous ang ama sa pagbibigay ng pagmamahal. Handa tayong patawarin ng Panginoon kung handa tayong humingi ng tawad.




Basahin nang malakas at ipasaulo ang Efeso 6:1-3.

Mag-isip ng tatlong bagay na maaari mong gawin upang maipakita ang iyong pagmamahal sa iyong mga magulang. Ibahagi sa grupo.

Para sa Facilitator: Tapusin ang meeting sa pamamagitan ng pananalangin para sa mga magulang ng miyembro. Ipanalangin na sila ay alagaan at patnubayan sa lahat ng kanilang ginagawa. Humingi ng tawad sa Panginoon kung naging masuwayin at pasaway sa kanila.

Lesson 5 - LET'S TALK ABOUT THE "S" WORD



Group Discussion: Saan mo unang natutunan ang impormasyon ukol sa "sex" o pakikipagtalik? Ano ang mga common "terms" na alam mo ukol sa sex? Pakisulat at ipasa ang sagot sa Facilitator. Iulat ang sagot ng grupo sa unang tanong.

Para sa Facilitator: Magbigay ng papel (i.e. bond paper/Manila Paper) at pentel pen sa lahat ng grupo. Gawing same-gender ang mga pangkat (all-male, all-female).

Ikaw lamang ang babasa sa sagot ng mga miyembro sa pangalawang tanong. Ito ang pagkakataon upang malaman mo kung may pagkakapareho o pagkakaiba ang alam ng mga kabataan sa usapin ng sex. Maari mo ring malaman kung "bukas" o "reserved" ang ilan sa usaping ito.



BIG IDEA: Ang sex ay banal at itinalaga ng Diyos para lamang sa mag-asawa kung saan naroon ang tunay na "commitment" at katapatan.

Learning Activity 1 (Discussion): Ano ang naging isyu na inilahad ni Pablo sa 1 Corinto 5? Ano ang naging payo niya pagdating sa usaping ito? Basahin ang Deuteronomio 22:22-24 ukol sa batas sa Lumang Tipan ukol sa pakikiapid. Ano ang masasabi mo dito?

Learning Activity 2 (Discussion): Ano ang ibig sabihin ng kasabihang "Kung ayaw mong mapaso, huwag kang maglalaro ng apoy"? Pakibasa ang Mateo 5:28, 2 Timoteo 2:22.

Para sa Facilitator: Ipaliwanag na kinapopootan ng Diyos ang maling paggamit sa sex dahil sa masamang idudulot nito sa tao (1 Corinto 6:18). I-discuss ang isinasaad sa pahina 59-62 ng libro.



Ano ang mga bagay na dapat mong gawin upang maiwasan ang mahulog sa mga kasalanang may kinalaman sa sex at kalaswaan?

Para sa Facilitator: Tapusin ang pulong sa pamamagitan ng pananalangin sa isa't isa. Ipanalangin na patatagin ang bawat isa sa pagharap sa samut-saring tukso.

Lesson 6 - IN BA ANG MAGING "OUT"?




USAP

Group Discussion: Paano mo isasalarawan ang mga kakilala mong homosexual (i.e. bading o tomboy)?

Para sa Facilitator: Pakilista ang mga katangian na madalas ikinakapit sa mga miyembro ng LGBT (Lesbians, Gays, Bisexuals and Transgender) groups, ayon sa mga sagot ng miyembro ng grupo.

Pakiramdaman din kung may "homophobic tendencies" (labis na galit sa mga homosexuals) ang ilan sa mga miyembro. Ito ang kailangang matanggal sa kanila sa pagtatapos ng lesson.



HANAP

BIG IDEA: Ang homosexual behavior ay labag sa kalooban ng Diyos. Ganunpaman, may pag-asa sa mga taong may matinding homosexual tendencies. Sila ay dapat mahalín katulad ng pagmamahal ng Diyos sa kanila.

Learning Activity 1 (Song Analysis): Iparinig ang kantang "Sirena" ni Ebe Dancel at ng rapper na si Gloc9. Itanong sa mga miyembro kung ano ang nais ipahiwatig ng kanta. Maaring i-download mula sa Youtube ang MTV nito at ang lyrics ng kanta.

Learning Activity 2 (Discussion): Basahin ang Roma 1:18-32, 1 Corinto 6:9, at Jude 1:7. Ano ang sinasabi ng mga talata?

Para sa Facilitator: Ipaliwanag na hindi kailanman kinalulugdan ng Diyos ang homosexual behavior. Subalit, huwag itong ituring na mas mabigat na kasalanan kumpara sa ibang nagagawa ng tao.

Learning Activity 3 (Discussion): Basahin muli ang naging karanasan ni Vins Santiago sa pahina 75-76 ng libro. Kung may pagkakataon, ipakita ang dating itsura/larawan ni Vins (noong siya ay nagpa-sex change). Maaring i-download ang larawan mula sa Internet. Pagkatapos, basahin ang 2 Corinto 5:17-21.


Para sa Facilitator: Ipaliwanag na may pag-asa para sa mga homosexuals na nais magbago. Kayang-kaya silang baguhin ng Panginoon.



TANGGAP

Para sa Facilitator: Bigyan ng "assurance" ang mga miyembro na may issue sa same-sex attraction (SSA) na sila ay mahal ng Panginoon at ng grupo. Kung kailangan nila ng tulong, handa ang iglesya na umalalay sa kanila.

Magpanalangin sa isa't isa. Hilingin sa Panginoon na magkaroon ng pusong handang magmahal at tumanggap sa mga homosexuals. Humingi ng tawad sa Panginoon kung naging malupit sa mga homosexuals- kung sila ay nagawang alipustahin at saktan.



Group Discussion: Dumating ka na ba sa punto na nahirapan kang magdesisyon sa kung ano ang pipiliin mo? Paki-kuwento kung paano ka nagdesisyon sa pagpili. Ano ang iyong mga naging konsiderasyon?

Para sa Facilitator: Ipaliwanag na ganito rin kahirap ang sitwasyon kung lalaban mo ang kalooban ng Diyos. Sa lesson na ito, dapat nilang maunawaan na kailangan nilang i-align ang kanilang puso sa kalooban ng Panginoon pagdating sa pakikipagrelasyon.

Lesson 7- FOLLOWING THE 6:14 RULE



BIG IDEA: Kung tunay kang nagmamahal sa Panginoon, hindi ka makikipagrelasyon sa mga taong hindi nagmamahal sa Kaniya.

Learning Activity 1: Iparinig ang kantang "Sana Dalawa ang Puso Ko" ni Bodjie Dasig. Maaaring i-download ang kanta mula sa Youtube. Pagkatapos, tanungin ang opinyo ng mga miyembro ukol sa kanta.

Para sa Facilitator: Ipaliwanag na ang tunay na pagmamahal ay dapat nagpapakita ng commitment sa isang tao. Ganundin, mahirap magsabay ang pagmamahal sa gawa ng kaaway at ang pagsunod sa Diyos (2 Corinto 6:14)

Learning Activity 2: Basahin ang 1 Hari 11. Pag-aralan ang buhay ni Haring Solomon at kung paano bumagsak ang kaniyang kaharian. Isulat kung ano ang kanyang mga ginawa at naging epekto nito. Isulat ang sagot.

Para sa Facilitator: Ipaliwanag na naging masuwayin si Haring Solomon. Bagaman isa siyang matalinong tao, bumagsak siya sa pakikipagrelasyon sa mga babaeng umakit sa kaniya sa iba't ibang diyus-diyosan. Maari din itong mangyari kung nakikipagrelasyon ang mga Cristiano sa mga taong walang pagmamahal sa Diyos. Baka sila ang mahatak papalayo sa Panginoon.




May parte ba sa buhay mo na nagpapalamig ng relasyon mo sa Diyos? Isuko at idulog ang mga bagay na ito sa Panginoon.

Para sa Facilitator: Ipaalala sa mga miyembro na may ka-relasyon sa mga hindi mananampalataya ang 6:14 Rule. Magdesisyon na maitama ang relasyon sa pamamagitan ng payong nakasaad sa pahina 81-83 ng libro.

Lovestruck

LOVE MO SIYA
SURE KA BA?



Group Discussion: Magkuwento ng isang karanasan kung kailan ang tagal mong naghintay. Ano ang ginawa mo para labanan ang kabagutan?

Para sa Facilitator: Ipaliwanag na minsan mahirap maghintay sa taong ibibigay ni Lord upang iyong maging ka-partner. Pero, may paraan upang tayo ay huwag mainip.

Lesson 8 - SINGLE-MINDED



BIG IDEA: Hindi masama maging single at maghintay sa tamang panahon upang pumasok sa pakikipagrelasyon.

Learning Activity 1. I-drawing ang iyong ideal man/woman na nais mong mapangasawa sa hinaharap. Lagyan ng kaunting paliwanag/labels ang larawan. Ibahagi sa grupo ang iyong iginuhit.

Learning Activity 2 : Gumawa ng love letter para sa iyong "future husband/wife" (150-300 words). Sabihin mo kung ano ang nais mo para sa inyong dalawa sa hinaharap. Basahin ang iyong love letter sa harap ng mga miyembro.

Learning Activity 3: Balikan ang pahina 86-88 ng libro. Paano mo maihahanda ang iyong sarili para maging Miss/Mr Right? May maidadagdag ka pa ba sa mga nabanggit sa libro?



Sabay-sabay basahin ang Mangangaral 3:1-8 at Awit 37:4 sa Bibliyang Filipino

Para sa Facilitator: Ipaliwanag na may tamang panahon para sa lahat ng bagay. Kung nais nating makamtan ang nais ng ating puso, kailangang makuntento muna tayo sa pagmamahal ng Panginoon.

Ipanalangin ang isa't isa upang magkaroon ng lakas ng espiritu, emosyon at isipan na maghintay para sa tamang panahon sa pagpasok sa relasyon.



Tungkol kay Pastor/Kuya Ronald



Si Kuya Ronald ay mahigit 15 taon nang naglilingkod sa youth ministry. Siya ang President/Head Pastor ng GENERATION 3:16 Ministries, isang ministryong nakatuon sa pagdidisipulo ng mga kabataan para kay Cristo. Awtor siya ng tatlong best-selling books: 1) LOVESTRUCK (Love Mo Siya, Sure Ka Ba?) (2010); 2) PASS or FAIL? (2011) (How to be the Best Student Ever) at ang 3) LOVESTRUCK: Singles Edition (2012). Lahat ng ito ay inilimbag ng OMF Literature Inc. Pinasimulan niya noong June 2012 ang Lovestruck Convergence, isang conference na tumatalakay sa mga "relationship issues" na kinakaharap ng marami. Nagtapos si Kuya Ronald ng kursong BA Public Administration (2001), Masters in International Studies (2005) at PhD in Political Science (continuing studies) mula sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Maligayang-maligaya siya sa piling ng kaniyang forever ka-Lovestruck na si Margarita (aka Ate Gigi), ang perlas ng kaniyang buhay. 😊



E-mail addresses: rcmolmisa@gmail.com/[yahoo.com](mailto:rcmolmisa@yahoo.com)

FACEBOOK Account: <https://www.facebook.com/rcmolmisa>

LOVESTRUCK Website: www.lovestruckmovement.org



LOVESTRUCK Facebook Group: <https://www.facebook.com/groups/302676473261/>

LOVESTRUCK Fan Page: <https://www.facebook.com/pages/Lovestruck-Book/210288609004576>

PASS of FAIL? Fan Page: <https://www.facebook.com/pages/Pass-or-Fail-Book-Official/119231938171166>



TWITTER Account: <https://twitter.com/rcmolmisa>



BLOGSPOT: www.rcmolmisa.blogspot.com